

## Isang bagong mapa ng daan para sa paglaban sa kapootang panlahi

Hulyo 18, 2022

---

Ang isang bagong plano para sa paggawa ng makabuluhang aksyon upang matugunan ang kapootang panlahi ay makakatulong sa pagbuo ng isang mas malugod at inklusibong lalawigan para sa lahat ng mga Albertan.

Ang Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta ay naglalarawan ng pangako ng pamahalaan ng Alberta na gumanap ng isang pangunahing papel sa pagtugon sa kapootang panlahi. Ang plano ay nagbabalangkas ng mga aksyon na makakatulong na turuan ang mga Albertan tungkol sa halaga ng pagkakaiba-iba, alisin ang mga sistematikong hadlang sa pagkuha sa mga programa at mga serbisyo ng pamahalaan, at matiyak na ang mga Albertan ay may pantay na pagkuha sa impormasyon, mga mapagkukunan, mga serbisyo at mga oportunidad.

"Sa nakalipas na tatlong taon, ang pamahalaan ng Alberta ay nagpakita ng isang napatunayang mahusay na rekord sa pakikitungo sa kapootang panlahi, ngunit marami pang dapat gawin upang wakasan ang lahat ng anyo ng kapootang panlahi, diskriminasyon at sistematikong kapootang panlahi nang minsanan. Ang plano ng aksyon na ito ay nagsisilbi bilang isang mapa ng daan para sa ating lalawigan upang harapin at gumawa ng mga hakbang upang maalis ang kapootang panlahi upang matiyak na ang Alberta ay isang libre, patas at maunlad na lugar para sa lahat. "

*Kaycee Madu, Ministro ng Paggawa at Imigrasyon*

Bilang bahagi ng plano, ang pamahalaan ng Alberta ay gagawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang mga mahihinang grupo mula sa poot at diskriminasyon, at bigyan ng kapangyarihan ang mga komunidad upang maitaguyod ang pagsasama sa lipunan, pagkakaiba-iba at multikulturalismo at linangin ang pagkakaisa ng lipunan.

Ang mga pagkilos na ito ay binuo sa mga rekomendasyong natanggap mula sa Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta at katugunan mula sa mga grupo ng komunidad sa buong Alberta na tumutugon sa kapootang panlahi.

"Nais kong pasalamatang ang Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta (Alberta Anti-Racism Advisory Council) at mga pangkat ng komunidad na nagbigay ng payo para sa kanilang patuloy na pagtatalaga upang labanan ang kapootang panlahi. Ang mga pinaglahi at mga Katutubong indibidwal, tulad ng lahat ng mga Albertan, ay mahalaga sa kaunlaran ng ating lalawigan, at sa pamamagitan ng mga pagkilos na ito, maaari tayong magtulungan upang matulungan silang bigyan ng kapangyarihan at ipagdiwang ang kanilang mga nagawa. "

*Muhammad Yaseen, Katulong na Ministro ng Imigrasyon at Multikulturalismo*

Ang mga aksyon na nakabalangkas sa plano ay pinagsama-sama sa ilalim ng limang mga tema, na nagtatampok ng mga malawak na lugar kung saan ang mga plano ng pamahalaan ng Alberta ay susulong patungo sa pagbuo ng isang mas pantay at inklusibong lipunan. Ang mga temang ito ay kinabibilangan ng: pampublikong edukasyon at kamalayan sa kultura; pamahalaan bilang isang katalista para sa mga pagpapabuti ng sistema; pagbibigay lakas sa mga komunidad; pagtugon sa mga insidente ng poot at krimen; at data at pagsukat.

Upang matiyak na epektibo ang mga aksyon ng pamahalaan, ang plano ay nagsasama ng mga hakbang upang masukat ang pag-unlad. Ang Pamahalaan ng Alberta ay patuloy na makakatanggap ng impormasyon mula sa Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi at makikipagtulungan nang malapit sa mga pinaglahi at Katutubong komunidad upang mas maunawaan ang mga sistematikong paghamon at kung paano sila maaaring matugunan sa hinaharap.

## **Mabilis na mga Katotohanan**

- Ang Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta (Alberta Anti-Racism Advisory Council) ay itinatag upang magbigay ng payo sa pamahalaan ng Alberta sa mga pagsisikap na labanan ang kapootang panlahi at itaguyod ang higit na inklusibo at mapagtanggap na mga komunidad sa buong Alberta.
- Ang pamahalaan ng Alberta ay nagsimulang magtrabaho sa ilang mga inisyatibo laban sa kapootang panlahi, kabilang ang:
  - pagtatatag ng isang pag-uugnayan sa krimen ng poot at isang Yunit ng Koordinasyon sa mga Krimen ng Poot (Hate Crimes Coordination Unit)
  - pormal na pagkilala sa mga pagpupulisya ng First Nations sa ilalim ng *Batas ng Pulisya*
  - pagbabawal sa kasanayan ng carding (pagtatrapiko ng mga hindi awtorisadong credit card)
  - pagpapakilala ng Programa ng Imprastruktura sa Seguridad ng Alberta (Alberta Security Infrastructure Program)

- pagpapatupad ng *Batas ng mga Kasanayan sa Makatarungang Pagpaparehistro [Fair Registrations Practices Act]* at paglikha ng Opisina ng Katarungan para sa mga Bagong Dating upang matulungan ang mga bagong Albertan na kilalanin ang kanilang mga kwalipikasyon
- pagbuo ng isang inklusibong patakaran sa komunikasyon para sa pamahalaan

## **Kaugnay na impormasyon**

- [Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta](#)
- [Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta](#)